



Mga karaniwang item: Mga site ng konstruksiyon pangkalahatan

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

(1) Ang edukasyon sa panahon ng pagtanggap sa trabaho, ang edukasyon sa pagpapadala, at edukasyon sa bagong tanggap.

Isinasaad ng Occupational Safety and Health Act na kailangang magbigay ang pinagtatrabahuhan ng iba't ibang pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan. Makakakuha ng pagsasanay na kailangan mo.

1. Edukasyon sa Panahon ng Pagtrabaho:

Kapag tumatanggap ng tauhan, magsagawa ng mga pagsasanay sa kaligtasan at kalusugan sa trabahong gagawin.

2. Pagsasanay sa mga bagong tanggap:

Kasama sa mga pagsasanay sa mga bagong tanggap ang kondisyon ng site, balangkas ng trabaho, mapapanganib na lokasyon, at mga tuntunin sa site. (Pagkatapos na masuri ang karanasan sa trabaho, estado ng kalusugan, atbp. ng bawat tao, ang impormasyon ay gagamitin bilang sanggunian para sa naaangkop na pagsasaayos.)

* Dagdag pa sa itaas, ang mga pinagtatrabahuhan ay magbibigay ng pagsasanay sa kaligtasan at mga ibang pagpapadalang edukasyon bago ipadala ang mga trabahador site ng konstruksiyon. Bukod pa rito, para maisagawa ang mga mapapanganib na trabaho tulad ng pagpapaandar ng mobile crane, kailangang kumuha ng lisensiya na nakasaad sa batas at sumailalim sa mga kurso ng pagsasanay sa kasanayan at natatanging edukasyon.



(2) Mga halimbawa ng mga aksidente kaugnay sa trabaho sa lugar ng konstruksiyon

Pagtumba ng crane



Paglipad at pagkakahulog ng mga bagay sa panahon ng demolisyon



Pagguho ng lupa



Pagkakahulog sa nabibitbit na hagdan



Nagulungan ng shovel ng backhoe



Pagkahulog sa panahon ng pagbuo ng andamyo



Pagkakahulog sa hagdan




Naipit ng nakabiting karga



(3) Angkop na kasuotan


Ang unang hakbang sa kaligtasan ay ang magsuot ng naaangkop!



* Bilang tuntunin, ang personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog ay kailangang iyong buo na uri, ngunit ang taas ay 5m o mas mababa, o "pangbaywang na uri" ang maaaring gamitin.


[Naaangkop na pampersonal kagamitang pamproteksyon]

Kung iniaatas na ang kailangang pamproteksyong kagamitan ay kailangang isuot ayon sa trabaho at na ang pampersonal na pamproteksyong kagamitan ay nakasuot nang tama para protektahan ang iyong sarili.



(4) Tuntuning pagkaligtasan sa lugar ng konstruksiyon

Ang mga aktibidad na ito ay ipinagbabawal!




Mga bagay na susundan

- Tiyaking gamitin ang mga ligtas ng daanan.
- Huwag pumasok sa radius ng gagalawan ng malalaking makinarya.
- Huwag lumapit sa mga imbakan ng mga materyales nang walang pag-iingat.
- Gumamit ng itinalagang kagamitan ng pag-angkat kapag naglilipat sa lugar ng trabaho sa ikalawang palapag o mas mataas.
- Dapat na magpahinga sa mga itinalagang lugar at time zone.
- Dapat na mahigpit na sinusunod ang mga nilalaman ng trabaho na mga ibinilin ng kapatás o superbisor.

(5) Ang aktibidad na STCC (Sorting-Tidy- Clean-Cleanliness) o Pag-uuri-Pagsisinop-Paglinis-Kalinisan

STCC: Pag-uuri-uri, Pagsisinop, Paglinis at Kalinisan

Ang basehan ng kaligtasan ay pagsinop. Sa site ng konstruksiyon, ang pagkakadapa o pagkakahulog na mga aksidente ay walang katapusan, ngunit kung ang mga bagay-bagay ay nasinop at nailagay sa maayos, o walang makakapatid, ang mga pagkakapatid na aksidente ay matatanggal.



[Pagkatapos na magtrabaho]




- Maglinis tayo pagkatapos magtrabaho.
- Ipanumbalik natin ang pasilidad.

(6) Ligtas na ikot ng konstruksiyon

Ang kaligtasan ng ikot ng konstruksiyon ay may kaugnayan sa iba't ibang pangkaligtasan na aktibidad sa araw-araw na trabaho sa site ng konstruksiyon.

[Ligtas na ikot ng konstruksiyon sa araw-araw]



(7) Ang prediksiyon ng panganib ng aktibidad sa lugar ng trabaho



Sa pamamagitan ng pagbisita sa lugar kung saan isinasagawa ang trabaho, talakayin ang “Mga panganib sa lugar ng trabaho sa araw na iyan, at ang uri ng atensiyon na kailangang ituon kung nagtatrabaho dito.” ng lahat ng miyembrong may kaugnayan dito.

1. Isipin ang tungkol sa posibleng panganib kung nagtatrabaho ka dito sa ilalim ng ibinigay na tagubilin.

(Mga halimbawa)

- May mga butas bang madaling mahuhulugan sa sahig ng trabaho?
- May anumang mga lugar bang posibleng magsasagi ang mga makina?
- Nabilinan ka ba ng naiibang trabaho kaysa sa dati?

2. Magsabi ng anumang iniisip mo sa taong namumuno.

3. Kung hindi ka nasisiyahan sa tagubilin mula sa taong namumuno ng trabaho, kumpirmahin hanggang sa maunawaan mo ito.

(8) Mga halimbawa ng mga pinagsamang pangkaligtasang karatula



Bawal Pumasok



Bawal manigarilyo



Walang apoy



Bawal magparada



Pangkalahatang pababawal



Ingatan ang iyong ulo



Ingatan ang iyong mga paa



Ingatan ang butas



Kuryente



Mag-ingat sa nahuhulog



Mag-ingat sa gilid ng kalsada



Mag-ingat kulang ang oxygen



Mag-ingat organikong solvent




Pangkalahatang babala



Magsuot ng harness na pang-iwas ng pagkakahulog



Gumamit ng safety helmet



Pangkalahatang sapilitang kilos



Magligpit at Maglinis



Pinakamabigat na Kayang Maikakarga:



Lugar ng Paninigarilyo



Stretcher



Ligtas na daanan



Mga hagdan



Pahingahan



Fire extinguisher



Pasilidad ng alarma



AED

Sa site ng konstruksiyon, ang mga karatula ay nakapaskil sa mga mapapanganib na lugar sa ilalim ng mga tuntuning natukoy ng lahat ng mga miyembro. Unawain ang mga kahulugan ng mga karatula at sundin.